Humanities Diliman (July-December 2020) 17:2, 139-143

# Gunita at Paglaya: Pagbasa sa *Recuerdos de Patay* ni Caroline S. Hau

**Pauline Mari Hernando**
University of the Philippines Diliman

## Pambungad

Kinokonsumo ang gunita. Nakabatay ang halaga nito sa yugto ng kasaysayang kinairalan ng isang humaharap at tumatalikod dito. Umaakyat at bumababa ang takdang halaga alinsunod sa anyo at tunggaliang pawang kinikilala at tinatalikdan ng indibidwal mula sa magkakaugnay ngunit magkakaibang kahapon at kasalukuyan. Nangangapital ang bawat tao sa ngalan ng alaala upang sa gitna at huli ay makapaningil at magkamal ng tubo. Pinatatanaw sa *Recuerdos de Patay* (2015) ni Caroline S. Hau ang ganitong resiklo ng sistematikong pagtatambal ng haraya at bangungot, ng multo at konsensiya, sa ating mga utak at damdamin, sa panahon ng konsumerismo. Waring namamayani ang kompleksidad ng sapilitang paglaho at pagsangla sa gunita sa panahon at lipunang may mga makapangyarihan at may mga dinudusta.

## Diyalektika ng Panandalian

Mariing ipinasisilip sa aklat ang pagiging bisita ng gunita—ang posibilidad na gumanap ito bilang anyo ng pampalipas, parausan, at pagtakas. Ito ang diwang inilaan sa isang kuwentong unang masisilayan sa aklat, ang "Nukumori." Tumatakas ang gunita sa porma ng paglikha ng bagong materyal. Ngunit ayon sa daloy ng kuwento, kung may yugto ng pagkilos ang gunita bilang dalaw, realistikong bumabalik din ito sa pinanggalingang lunan—na minsang tinakasan at nilimot. Lagi't laging internal ang kapasiyahan ng pagiging pansamantala ng gunita. Ipinakikilala ni Hau sa *Recuerdos* ang mga piling estranghera/o sa ating buhay. Ang maladayong gunita ay nag-aanyong babaeng multo sa kuwentong "A Stranger in the Room." Wala itong mukha, tinig, lakas, wika, at relihiyon. Hindi kinikilala ng ganitong uri ng gunita ang liwanag at sa halip lumalantad lamang sa dilim. Malaya

lang din ito sa madaling-araw. Nagmimistula itong tagapaghatid ng bangungot habang iwinawasiwas sa kuwento ang gampanin bilang tagapagluwal ng buryong at bagabag sa ating utak at sistema. Mahihiwatigan ang pagtulay ng ganitong diwa sa "albertson.com" kung saan mistulang niluluwal ng gunita ang naipong takot at balisa. Hindi maitatakda ang oras ng pagsumpong nito sapagkat hindi pa naaarok ng utak maging ng pinakapaham ang hanggahang umiiral sa lohika ng pananariwa sa pagitan ng maysakit at wala. Lumantad naman ang aswang sa kuwentong "Practicum" upang sumuhay sa hinaing ng isang matandang baryong ginugupo ng karalitaan at malnutrisyon. Para sa mga katulad ni Albertson, ng kasambahay na walang pangalan at ng mga tagabaryo, totoong may mga kaaway—yaong hindi nakikita—na dapat iwasan at bantayan. Nililinaw sa *Recuerdos* ang magkakaibang diyalektika sa pagbalangkas ng mga pangamba, poot, at lungggati na nagbabagong-anyo sa pagiging multo, diwata, at aswang para sa iba. Esensiyal na inilalatag sa tatlong kuwentong ito na hindi matutugunan ng piling entidad gaya ng pastor, doktor, o mga estudyante ang mga hapis at karaingang ipinaaalala ng multo sa bangungot, sa madaling-araw, sa kompyuter, at sa bundok. Lalong hindi rin maaarok ng tagalabas ang suliraning binabaka ng tagaloob. Walang dasal o preskripsiyon upang malunasan ito liban sa magkatuwang na pagpapahinto sa mga oras at araw ng sistematikong pagpapahirap at pang-aalila sa parehong pisikal at sikolohikal.

May mga sulok at haligi ang gunita gaya ng mga silid sa ating utak, opisina at bahay na gumagampan ng magkatambal na tungkulin bilangpundasyon at suporta. Inilalatag ng *Recuerdos* ang obhetibong pagbasa sa parehong nililimot at inaalala. Na hindi maaaring sumibol at mabuo ang gunita sa kabila ng kawalan. May kapasidad ang gunitang lumikha at pagdugtungin ang nabibitak na mga haligi nito. Tinangka itong ipasilip sa mambabasa nang itampok ni Hau sa "Firetrees and Orange Sundays" ang ama at kapatid na lalaki bilang pangunahing tagapagdugtong ng mga alaalang hindi dapat walain ng kanilang mga naulila. Ang bagong bahay ng mag-iina ay mabubuo lamang sa tulong ng mga lumang gunita. Implisitong inilatag ang salimbayan ng liwanag at nimdim sa imahen at proseso ng paglipat ng espasyo.

## Sining ng Paglimot o Pagpaslang

Natatalo ng mga higante ang maliliit. Orkestrado at hindi simplistiko ang metodo ng ganitong sistema upang manaig sa huli ang halakhak ng mga makapangyarihan. Ito ang diwa ng mga kuwentong tumuon sa unti-unting paglikha ng lamat at limot sa mga piling gunita. Integral ang gampanin ng digmaan sa pagbalasa ng ating alaala. Tinampok ni Hau ang matitingkad na estilo sa paggunita sa magkakaibang sirkunstansiyang politikal—halimbawa, ang pakikibakang anti-imperyalista ng

mga Wa Chi at mga Hukbalahap—gayundin ang konsekwensiyang inilaan nito sa mga sumuong at naiwan. Nakapaloob sa "The True Story of Ah To," "Grindstones," at "Stories" ang mga inisyatibang buuin at pagdugtungin ang mga talang winasak ng giyera. Gayundin ang tanong kung makabuluhan pa bang alalahanin ito kahit pa wala namang pagmamanahan ng gunita?

May digmaan man o wala, araw-araw na nilalabanan ng mga tao ang kawalang katiyakan. Sa *Recuerdos,* sinubukang itampok ang magkakaibang sanhi ng palagiang pakikitunggali. Paano ba iigpawan ang kontradiksiyong dulot ng neoliberal na sistemang pampolitika at pang-ekonomiya kung nag-iisa ka? Paano ba susuway sa hamon ng globalisasyon? Ilan ito sa mga sinikap ihayag ng koleksiyon sa pamamagitan ng pagpapatampok sa makapangyarihang kabig ng mall laban sa matanda't munting tindahan, sa sahod ng kasambahay sa Pilipinas kompara sa Singapore at sa halina ng prestihiyo ng unibersidad sa Estados Unidos. Bahagi ito ng mga tanong sa "albertson.com," "The Gorge," at "Stranger in the Room" na nagtutulak upang ilugar ang kaangkupan ng pagsisiyasat sa iba't ibang uri ng biktimisasyon sa ilalim ng imperyalismo.

Sinikap ni Hau na patalunin at hindi pagsunoud-sunurin ang mga kuwentong tumutuhog sa magkakaugnay na tema. Sa ganitong estilo, tila pinasisipat ng awtor ang likas na paglundag, paghiwalay, o pagwawala ng alaala mula sa ibang tipak nito. Ang pagkitil ay bahagi rin ng pagpapakahulugan sa ating gunita. Hindi laging eksternal ang sanhi ng pagpanaw ng alaala. Puwede itong internal na pagpapasiya. Sinubok ibato ng *Recuerdos* ang ilang pagwawari hinggil dito. Paano ba dapat alalahanin ang mga nagpatiwakal? Saan at paano dapat magsimula sa pananariwa gayong ang simula at wakas ng pagpapakamatay ay nangyayari sa paraang tahimik? Ilang mga tanong ito na nagpakilala sa metodong tinalunton ni Hau sa kabuuang koleksiyon. Nakaluluoy ang pagdalumat ng awtor sa insidente ng pagpapakamatay bilang tagatampok sa mga kontradiksiyon sa buhay ng isang Pilipinang iskolar sa Amerika. Singkronikong ipinakilala ang biktima at ang aklatan upang ipatimo ang puno't dulo ng pagharap sa mga kontradiksiyon ng migrasyon sa buhay ng isang intelektuwal. Nasa pagitan ng unibersidad at ng aklatan, at ng mga haligi at koleksiyon hinggil sa Araling Timog-Silangang Asya, ang mga usapin hinggil sa dekulturasyong dapat bakahin. Ironiko man ngunit sa aktuwal, nasa mga aklatan din ang tagapagpaalala sa mga tala ng tagalabas hinggil sa ating bayan. Itinatampok ang unibersidad bilang lunang naghahain ng posibilidad ng mga punyagi. Kailangang mahiwatigan lamang na sa pagitan ng proseso ng pagkilala sa matatamis nitong alok ay nahuhubog din ang indibidwalismo. Ito ang kaipokritohang tinutukoy ng guro. Liban pa sa mga pangyayaring nagpamalas sa pasismo ng pamahalaang Amerikano sa mga Iroquois at taga-Cayuga. Hindi naman kinailangan ng silid upang ipakita ang isa ring uri ng paglimot sa "Stories" at "The True Story of Ah To." Giit nito

ang epekto ng digmaan sa pagbuo at pagwasak ng isang alaala. Dahil sa digmaan, may mga pangalang hindi na naaalala o inaalala, mukhang tanging naaalala, mga lugar na hindi na maaaring balikan at mga bayang handang alayan ng buhay. Sa kuwento ni Ah To, ipinatatanaw na gaya ng isang dating komunista mula Tsinkang, mistulang nagkubli rin ang gunita. Sa pambungad na kuwentong "The Grindstone," uminog ang salaysay sa isang buong gabi at araw ni Mrs. Jia. Lumapat sa gilingan ang kaniyang pagal at pangamba buhat nang magpasiya ang asawang tumungo sa hindi matukoy na lugar upang "magserbisyo." Tila napigang katas ng soya ang pagtitimpi at paghihintay ng ginang. At gaya ng batong gilingan, pinatigas na rin ng paglaho ng asawa ang kaniyang kalooban. Isang makabuluhang pagmamasid sa naglalahong tradisyong pangkultura naman ang matutunghayan sa kuwentong "Recuerdos de Patay" kung saan nagsisimula ang paghubog sa alaala sa pagitan ng canvass at paleta, sa naghihintay na suhetong imahen ng bangkay.

Sa huli, ayon sa *Recuerdos,* may konsekwensiya ang paglimot. Gaya ng trahedya ni Ah To na walang solidong alaala ng bayan, ni Melinda na unti-unting nalulunod sa kumunoy sa pagitan ng mga karagatan ng Pilipinas at Amerika, ng babae sa hotel sa Ermita na ang paraan sa pagpapalaya sa sarili ay sa anyo ng paglikha ng mga panandalian.

## Tulad ng Bayan, Naisasangla rin ang Gunita

Kinasasangkutan ng tubo ang anumang pagsangla. Kaakibat nito ang tuluyang hindi pagbabalik kung walang halagang panubos. Isa ito sa mga nakayayanig na diwang ipinasilip ng *Recuerdos* hinggil sa mga nagtutunggaling paraan ng pagsangla sa gunita ng bayan. Ayon kay Damon Woods (2011), sa pagsusumikap niyang dalumatin ang bayan batay sa mga umiral na dokumento, testimonyo, at panitikan nang kolonyalismong Espanyol mula dantaon labing-anim hanggang labinsiyam, higit pa sa heograpiya, pagkamamamayan, politikal na pamamahala at/o hanggahan ng ari-arian ang bayan. Ito ay tagapag-ingat ng alaala (16-21). Kung ilalapat sa konteksto ng Pilipinas, umaapaw ito sa samot-saring salaysay ng pakikibaka para sa lupa, sa karapatang-pantao at sa pambansang paglaya. Nagdudulot ito ng mga politikal na kontradiksiyon sa mga kinikilala at/o kumikilala sa gayong alaala ng bayan. Sa *Recuerdos* malinaw na isiniwalat ang kontradiksiyon sa pagitan ng komunistang Tsino na kalaunang naging migrante sa Pilipinas at umanib sa Hukbalahap, ang Pilipinang iskolar na muli't muling kinokonsensiya ng alaala ng kaibigang intelektuwal na piniling maging fultaym na aktibista, ang kasambahay na tali sa sahod at kinokonsuwelo na lamang ng magkakaibang antas ng "kabaitan" ng mga umalila sa Singapore, at ang amang sinustena ng mga kuwento ng abentura sa Tsina bilang anak ng mandirigma. Ipinahihiwatig ni Hau na walang pahalang o

pababang eskema at kalikasan ang ating gunita. Likas itong humahabi ng sapot na magdurugtong at magpapatingkad sa mga tunggaliang kasasangkutan ng ating uri—gayundin bilang babae, migrante, mag-aaral, manggagawa, intelektuwal, artista, hukbo, asawa, ama, o anak. Wala ring iisang tiyak na lugar na siyang lunsaran ng pagbabago at pag-aambag ng bago. Nakatutulong sa bahaging ito ang paalala ng guro at ng tinig ni Zelda sa "The Gorge"—na maaari mong matagpuan ang iyong kabuluhan sa mismong lugar na nilisan.

Mapanghamon ang tuwirang panukala ni Hau sa *Recuerdos*—ang pana-panahong pagsusuri sa proseso ng pagbuo, sa rekonstruksiyon, at rekumpigurasyon ng ating mga gunita mula sa magkakaibang dulog ng mga awtoridad at institusyong kinabibilangan sa lipunan. Iniangat ni Hau ang diskurso sa sining ng pagpoposisyon sa sarili at sa alaala. Itinutulay sa atin ng *Recuerdos* ang parehong metodo at dibuho sa pagbalangkas ng historyograpiya ng ating gunita bilang bahagi ng identidad—ang pagbuod sa mga interpretasyon at misinterpretasyon ng mga pananatilihin at lilimutin, upang lumaya at maging mapagpalaya.

## Sanggunian

Hau, Caroline S. *Recuerdos de Patay and Other Stories*. U of the Philippines P, 2015.

Woods, Damon L., editor. *From Wilderness to Nation: Interrogating Bayan*. U of the Philippines P, 2011.

---

**Pauline Mari Hernando** (pfhernando@up.edu.ph) is an Associate Professor at the Department of Filipino and Philippine Literature, College of Arts and Letters, University of the Philippines Diliman. She earned her undergraduate, master's and doctorate degrees in the same university. She is the author of *Lorena: Isang Tulambuhay* (U of the Philippines P, 2018). Her creative works and research on emancipatory literature, women's literary history and production, social movements, and cultural studies have been published by *Diliman Gender Review, Philippine Humanities Review, Humanities Diliman: A Philippine Journal of Humanities, Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia, Malay Research Journal,* and *Likhaan 9: The Journal of Contemporary Philippine Literature*. She has been a recipient of several awards including One UP Faculty Grant for Teaching and Creative Work (2019-2021), UP Diliman Centennial Professorial Chair Award (2018, 2019), UP Diliman Centennial Faculty Grant (2020) and International Publication Award (2016). Currently, she serves as the Secretary-General of the All UP Academic Employees Union.